ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# IMPLUWENSYA NG KUMPIYANSA SA PAGSUSULAT AT KUMPIYANSA SA PANANALIKSIK NG MGA NON-BOARD PROGRAM SA LOKAL NA KOLEHIYO NG KCAST

**Angelyn B. Callio[1], Conie B. Cerna, MAEd[2]**
[1]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*
[2]*Instructor, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19842**
**DOI No: 10.36713/epra19842**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang ugnayan ng kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik ng mga mag-aaral na kabilang sa non-board program sa lokal na kolehiyo ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Sa pagpapatibay at pagsakatuparan ng pag-aaral, ito ay ginamitan ng kwantitatibong disenyo sa deskripsyong korelasyunal na pamamaraan. Ang mga piniling respondente na mag- aaral ay pawang nasa ikatlo at ikaapat na taon na naka-enrol sa pangalawang semestre na may kursong pananaliksik na may kabuoang populasyon na 1,001, at ang naitalang sampol ay 275 na mag-aaral na siyang naging respondente. Base sa naging resulta, natuklasan na ang kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay parehong may mataas na antas ng pagpapahalaga bilang mga mananaliksik. Napatunayan na ang kanilang kumpiyansa sa pagsusulat batay na rin sa apat na indikeytor ay may makabuluhang ugnayan sa kanilang kumpiyansa sa pananaliksik bilang mga mag-aaral. Sa gayong dahilan, ang antas ng kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik ay may makabuluhang ugnayan sa antas ng kanilang kumpiyansa sa pagsagawa ng isang pananaliksik.*

**MGA SUSING SALITA:** *kumpiyansa sa pagsusulat, kumpiyansa sa pananaliksik, kwantitatibong pananaliksik, mag-aaral na kabilang sa non- board programs ng KCAST.*

## INTRODUKSYON

Nakatuon ang pananaliksik na ito sa ugnayan ng antas ng kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik ng mga mag-aaral na kabilang sa non-board program. Nabatid na maraming institusyon ang nangangailangan na mapanatili ang kanilang mataas na antas ng kahusayan sa larangan ng pananaliksik. Ang pagganap sa pagsusulat na nagbabase sa mga pinagmulang impormasyon ay malaki ang impluwensya ng tiwala sa sariling kakayahan, kaya naman mahalagang taglayin ng isang mag-aaral ang kumpiyansa sa sariling kakayahan sa pagbuo ng makabuluhang pagsusulat. Ang koneksyon sa pagitan ng paniniwala sa sarili at ang kahusayan sa pagsusulat na nagbabase sa mga pinagmulang impormasyon ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng kumpiyansa sa sarili sa mga gawain ng akademikong pagsusulat, isang aspeto na nagiging pundasyon ng tagumpay sa pag-aaral at kahusayan sa pagsasaliksik (Golparvar & Kafi, 2021).

kabilang dako naman, ang pangunahing mga hadlang na kinakaharap ng mga mag-aaral ng Libyan EFL sa Sebha University ay ang paglikha ng isang paksa ng pananaliksik at ang pagbubuod ng mga resulta, gayundin ang akademikong pagsusulat bilang isa sa pinakamahirap na gawain para sa mga mag-aaral. Bukod dito, nabanggit na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng mga hamon sa kanilang paggawa ng papel pananaliksik dahil sa kakulangan ng pagnanais, kakulangan ng karanasan sa pananaliksik, kakulangan ng mga mapagkukunan sa silid-aklatan, kakulangan ng mga kurso na may kaugnayan sa pananaliksik, at ang hindi pagkakaroon ng *access* sa *internet* sa pinag-aaralang kolehiyo. Ito ay kadalasang nangangahulugan ng pagsusulat ng isang pagsusuri ng literatura, ang mga seksyon na ginamit sa pamamaraan, natuklasan sa pag-aaral, at diskusyon ang siyang naging dahilan sa paglaganap ng problema (Alsied & Ibrahim, 2018).

Sa Pilipinas naman, partikular na sa Prosperidad, Agusan del Sur, maraming Senior High School students ang nagpapakita ng kakulangan ng interes at takot sa pagsasagawa ng pananaliksik, at maaaring itong itugma sa iba pang kilalang dahilan. Ang pang-unawa sa partikular na mga hamon na kinakaharap ng mga estudyanteng ito sa larangan ng pananaliksik ay may pangunahing kahalagahan upang makabuo ng mga layunin na pang-interbensyon at suportang mekanismo. Layon nito na palakasin ang kanilang paglahok sa pananaliksik at dagdagan ang kanilang kumpiyansa sa pagganap ng ganitong uri ng gawain. Sa pamamagitan ng pag-unlad ng mga solusyon na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan, maaaring mapanatili ang masiglang interes at aktibong partisipasyon ng mga estudyante sa larangan ng pananaliksik (Bastida & Saysi, 2023).

Napakahalaga ng pag-aaral na ito upang matukoy kung sa anong antas ng kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik kabilang ang mga mag-aaral na nagsilbing respondente ng pananaliksik. Susuriin din kung may kaugnayan ang kanilang antas ng kumpiyansa sa pagsusulat sa kanilang kumpiyansa sa pananaliksik. Titingnan kung ang mga mag-aaral na may mataas na kumpiyansa sa pagsusulat ay nagpapakita rin ng mataas na kumpiyansa sa pananaliksik, o kung ang mababang antas ng kumpiyansa sa pagsusulat ay walang epekto sa kanilang kumpiyansa sa pananaliksik. Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang ugnayan ng dalawang nabanggit na aspeto upang makapagbigay ng gabay sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo at pagsagawa ng isang pag-aaral at pagtamo sa mahusay at malinaw na sulatin.

**Layunin ng Pananaliksik**
Naglalayong malaman ng sulating ito ang ugnayan ng antas ng kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik ng mga mag-aaral na kabilang sa non-board program sa lokal na kolehiyo ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.

1. Matukoy ang antas ng kumpiyansa sa pagsusulat ng mga mag-aaral na kabilang sa non-board program sa lokal na kolehiyo batay sa:
   1.1 kumpiyansa sa sarili;
   1.2 katatagan
   1.3 kakayahan; at
   1.4 regulasyon sa sarili
2. Matukoy ang antas ng kumpiyansa sa pananaliksik ng mga mag-aaral na kabilang sa non-board program sa lokal na kolehiyo batay sa:
   2.1 kasanayan sa disenyo ng pananaliksik
   2.2 praktikal na kasanayan sa pananaliksik
   2.3 kasanayan sa kwantitatibo at kompyuter; at
   2.4 pagsusulat ng papel para sa publikasyon sa dyornal
3. Matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kumpiyansa sa pananaliksik at kumpiyansa sa pagsusulat ng mga mag-aaral.

**Haypotesis**
Ang sumusunod na haypotesis ay sinubukan sa 0.50 antas ng walang kabuluhan. Mayroong ugnayan ang antas ng kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa non-board program sa ikatlo at ikaapat na taon sa kolehiyo sa taong panuruan 2023-2024.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**
Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo sa pamamaraang deskriptibong korelasyunal kung saan sinukat ang dalawang baryabol at pinag-aralan ang ugnayan ng mga ito. Inilahad dito kung paano nakatutulong ang mga pamamaraang korelasyonal, na nakatuon sa mga estadistikal na ugnayan ng kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik sa halip na sanhi at bunga, sa mga mananaliksik na makahahanap ng mga pattern sa pagitan ng mga baryabol (Robson & McCartan, 2020).

Ang kwantitatibong disenyo ay pagsusuri ng datos mula sa mga natural na pinagkukunan, nakatutulong ang pamamaraang ito sa mga mananaliksik na maunawaan ang mga ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Sa ganitong pamamaraan binibigyang diin ang katangian nito, bilang isang mahalagang pamamaraan para sa mga mananaliksik na nais mag-imbestiga ng mga ugnayan sa pagitan ng mga baryabol (Salkind, 2020).

**Lokasyon at Respondente ng Pananaliksik**
Ang pananaliksik ay isinagawa sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology (KCAST), pampublikong kolehiyo na matatagpuan sa Kapalong Davao del Norte. Ang mga respondente sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral sa apat na kurso (BPA, BSBA FM & MM, BSOA) ng KCAST na kapwa nasa ikatlo at apat na taon sa taong panuruan na 2023-2024. Ang mga kalahok ay binubuo ng 275 na mga mag-aaral.

**Instrumento ng Pananaliksik**
May isang pamamaraang ginamit sa pananaliksik. Ito ay ang talatanungan na ginamit para sa malayang baryabol na sinuri ang antas ng kumpiyansa sa pagsusulat, gayundin ang pagkuha sa di-malayang baryabol na nakatuon sa kumpiyansa sa pananaliksik ng mga mag-aaral.

Ang Likert Scale ay ginamit bilang pangunahing batayan sa pagtatasa ng antas ng kumpiyansa sa pagsusulat at pananaliksik. Sa paraang ito, ang mga respondente ay inatasang ipahayag ang kanilang tugon sa pamamagitan ng pagpili ng isang tiyak na punto sa eskala. Ang sumusunod na eskala ay ginamit ng mananaliksik upang maging gabay sa pagsusuri ng mga nakuhang tugon.

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.20 - 5.00 | Pinakamataas | Nagpapakita ng lubos na may kumpiyansa sa pagsusulat ang mga mag-aaral. |
| 3.40 - 4.19 | Mataas | Nagpapakita na may kumpiyansa sa pagsusulat ang mga mag-aaral. |
| 2.60 - 3.39 | Katamtaman | Katamtaman lamang ang ipinapakitang kumpiyansa ng mga mag-aaral. |
| 1.80 - 2.59 | Mababa | Nagpapakita ng walang kumpiyansa sa pagsusulat ang mga mag-aaral. |
| 1.0 - 1.79 | Pinakamababa | Nagpapakita ng lubos na walang kumpiyansa sa pagsusulat ang mga mag-aaral. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Bukod dito, ang pagsusuri sa kumpiyansa sa pananaliksik ay isinagawa sa pamamagitan ng paggamit ng kaparehong instrumento na may interpretasyon:

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.20 - 5.00 | Pinakamataas | Nagpapakita ng lubos na may kumpiyansa sa pagsasagawa ng pananaliksik ang mga mag-aaral. |
| 3.40 - 4.19 | Mataas | Nagpapakita na may kumpiyansa sa pagsasagawa ng pananaliksik ang mga mag-aaral. |
| 2.60 - 3.39 | Katamtaman | Katamtaman lamang ang ipinapakitang kumpiyansa sa pagsagawa ng pananaliksik ang mga mag-aaral. |
| 1.80 - 2.59 | Mababa | Nagpapakita ng walang kumpiyansa sa pagsagawa ng pananaliksik ang mga mag-aaral. |
| 1.0 - 1.79 | Pinakamababa | Nagpapakita ng lubos na walang kumpiyansa sa pagsagawa ng pananaliksik ang mga mag-aaral. |

**Pagkolekta ng Datos**
Sa proseso ng pagkolekta ng datos, sinunod ang mga itinakdang hakbang upang matiyak ang pangangalaga sa karapatan ng bawat kalahok. Tiniyak din ng mananaliksik na ang bawat yugto ng pangangalap ng impormasyon ay sistematiko at etikal, upang makalikom ng datos na tumutugon sa mga layunin at katanungan ng pananaliksik.

**Paggawa ng liham pahintulot.** Ang mananaliksik ay nagpadala ng pormal na kahilingan sa pamamagitan ng isang liham sa Bise-Presidente ng Academic Affairs ng Kapalong College of Agriculture, Science, and Technology upang makakuha ng pahintulot para isagawa ang pananaliksik.

**Pagsumite ng mga talatanungan**. Ang mga talatanungang inihanda ng mananaliksik ay unang ipinasuri sa kanyang tagapayo para sa karagdagang ebalwasyon. Kasunod nito, ang mga ito ay isinangguni sa lupon ng tagasuri upang masiguro na ang bawat aytem ay naaayon at tumutugma sa layunin ng isinagawang pananaliksik.

**Pamamahagi at koleksyon ng Palatanungan.** Kapag pinagtibay ng Pangulo ng kolehiyo ang pahintulot na isagawa ang pag-aaral, ang mananaliksik ay personal na mamamahagi ng instrumento ng pananaliksik. Sa tulong ng pangulo ng kolehiyo, nakatitiyak na ang distribusyon ng mga talatanungan ay maayos at mahusay na naisakatuparan.

**Koleksyon at Tabulasyon ng mga Datos**. Ang mga talatanungan ay kinolekta at naitala ang mga datos. Pagkatapos, ipinasa ito sa statistician upang iproseso at makuha ang mga resulta ng pagsusuri.

**Istatistikal Tritment ng Datos**
**Mean.** Ang paraang ito ay ginamit upang tukuyin ang average o central tendency ng mga datos na nakolekta. Ito rin ay nagbigay-daan upang masukat ang antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang pagsusulat at pananaliksik.

**Pearson-r**. Ang istatistikal na pamamaraan na ito ay sumusuri sa lakas at direksyon ng linear na relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol. Ginamit ito upang matukoy ang ugnayan ng kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik sa impluwensya ng mga mag-aaral na kabilang sa non-board program sa pagbuo ng papel pananaliksik.

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 1: Antas ng Kumpiyansa sa Pagsusulat Batay sa Kumpiyansa sa Sarili***

| Kumpiyansa sa Sarili | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Na-iingganyo ako sa pagsusulat dahil may tiwala ako sa aking kakayahan sa pagsusulat. | 4.09 | Mataas |
| 2. Ginagawa ko ang aking makakaya sa gawaing pagsusulat. | 4.02 | Mataas |
| 3. Nakararamdam ako ng kasiyahan kapag ako ay nagsusulat. | 3.07 | Mataas |
| 4. Alam ko ang anyo at nilalaman ng aking isusulat kapag ako ay sumusulat. | 3.95 | Mataas |
| 5. Inaasahan kong makakukuha ako ng mataas na marka kapag sinusuri ang aking gawa. | 3.91 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.81** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 2: Antas ng Kumpiyansa sa Pagsusulat Batay sa Katatagan*

| Katatagan | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Naiiwasan ko ang distraksyon kapag ako ay nagsusulat. | 3.82 | Mataas |
| 2. Madalas kong nahahanap ang mga solusyon kapag ako ay nahaharap sa suliranin sa pagsusulat. | 3.80 | Mataas |
| 3. Kayang kaya kong magpatuloy sa pagsusulat kahit ito ay mahirap. | 3.82 | Mataas |
| 4. Ang hindi magandang pagsusulat ay nagbubunsod sa akin na maglaan pa ng mas maraming pagsusumikap. | 3.97 | Mataas |
| 5. Nahihirapan akong tapusin ang gawain ko sa pagsusulat sa loob ng itinakdang oras. | 3.71 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.82** | **Mataas** |

*Talahanayan 3: Antas ng Kumpiyansa sa Pagsusulat Batay sa Kakayahan*

| Kakayahan | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Kayang kaya kong magsulat nang teksto nang walang anumang mga pagkakamali sa baybayin | 3.59 | Mataas |
| 2. Kaya kong gawing mas malinaw ang aking teksto sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga halimbawa at detalye. | 3.77 | Mataas |
| 3. Maiiwasan ko ang pagkakamali sa gramatika | 3.59 | Mataas |
| 4. Kayang kaya kong sundin ang mga alituntunin ng paggamit ng malaking titik. | 3.88 | Mataas |
| 5. Kayang kaya kong mapabuti ang estilo ng aking pagsusulat (halimbawa, pagbabago sa istruktura ng pangungusap at bokabularyo). | 3.75 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.72** | **Mataas** |

*Talahanayan 4: Antas ng Kumpiyansa sa Pagsusulat Batay sa Regulasyon sa Sarili*

| Regulasyon sa Sarili | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Iniisip ko kung paano nauugnay ang paksa ng pagsusulat sa aking mga naunang nalaman sa tuwing may ipinapagawa sa akin na sulatin | 3.91 | Mataas |
| 2. Tinitiyak ko na maunawaan ang dapat gawin at kung paano ito gagawin | 3.99 | Mataas |
| 3. Nakakaya kong alisin ang anumang negatibong damdamin kapag nagsisimula akong magsulat | 3.87 | Mataas |
| 4. Iniisip ko ang aking isinusulat upang suriin ang aking ginawang pagsusulat | 3.95 | Mataas |
| 5. Kayang kaya kong pamahalaan ang aking oras nang mahusay kapag mayroong itinakdang oras ng pagpasa | 3.81 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.91** | **Mataas** |

*Talahanayan 5: Buod ng Antas ng Kumpiyansa sa Pagsusulat ng mga Respondente*

| Indikeytors | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| **Kumpiyansa sa Sarili** | 3.81 | Mataas |
| **Katatagan** | 3.82 | Mataas |
| **Kakayahan** | 3.72 | Mataas |
| **Regulasyon sa Sarili** | 3.91 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.81** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Antas ng Kumpiyansa sa Pagsusulat ng mga Mag-aaral na kabilang sa Non-Board Program.** Sa nakalap na datos, ang pangkalahatang kumpiyansa sa pagsusulat ng mga piniling respondente ay inilalarawan na mataas sa kabuoang resulta mula sa limang indikeytor: kumpiyansa sa sarili, katatagan, kakayahan at regulasyon sa sarili. Ito ay maiuugnay sa pag-aaral nina De Smedt et al. (2023) ang mataas na antas ng kumpiyansa sa pagsusulat ay maaaring magresulta sa masiglang pakikiisa sa pagsusuri, pagbuo ng malinaw na pahayag ng suliranin, at masusing pag-unlad ng mga ideya sa pagsulat. Ipinapalabas na ang mga mag-aaral na itinuturing ang pagsusulat bilang isang natural na gawain ay kadalasang umiiwas na talakayin ang anumang mga hamon sa pagsusulat na kanilang maranasan, na magiging hadlang sa kanilang kumpiyansang mapanagutan ito.

Ang kumpiyansa sa pagsusulat ay lubos na nakatutulong sa mga mag-aaral na mas lalong maipamalas ng kahusayan. Ito ay ipinaliwanag nina Mendoza et al. (2022), na ang pagkakaroon ng kahusayan sa pagsusulat ay nagbubukas ng mas maraming pagkakataon para sa personal at propesyonal na pag-unlad. Ito ay isang paraan ng pagbibigay ng saysay sa mga karanasan, pagpapaunlad ng kaisipan ng mga mag-aaral, at pagpapahayag ng kanilang mga pangarap. Ang lumalaking mundo ng pananaliksik ay nagpapakita ng mga pagkakaiba at pagbabago sa kanilang kumpiyansa sa pagsusulat, sapagkat ang nasabing aspeto ay patuloy na nakakatanggap ng masusing pansin sa kasalukuyang panahon.

Nakabubuo ng kumpiyansa ang isang mag-aaral mula sa kaniyang pagsusulat kung may pagharap sa mga hamon ng proyekto. Ito ay idinagdag nina Callinan et al. (2018) na ang mga mag-aaral ay lubos na pinagkakatiwalaan ang sarili na makayanan ang aspeto ng pagsusulat, gayundin ang pagsasaayos ng ideya at makabuluhang nilalaman ng mga gawaing may kaugnay rito, pagtitiyak sa nais isulat at ipabatid sa tulong ng kumpiyansa sa pagsusulat, nabibigyan sila ng inspirasyon at lakas ng loob upang mapagtagumpayan ang gawain na isinaalang-alang ang malalim na pagsusuri at kasanayan sa pagbuo nito. Dagdag pa, ito ay karaniwang napakakomplikadong gawain na nangangailangan ng maraming oras ng pagsasanay upang mas mapalawak ang kumpiyansa sa gawain ng mga mag-aaral.

Ang kumpiyansa sa pagsusulat ay naglalaan ng pundasyon para sa matagumpay na pagpapaabot ng kanyang mga ideya at natuklasan sa pamamagitan ng pagsulat. Ito ay ayon naman kina Jin et al. (2022), ang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng kumpiyansa sa pagsusulat ay nagpapakita ng pagharap sa suliranin may kaugnayan sa pagsusulat, gayundin, ito ay naglalaan ng pundasyon para sa matagumpay na pagpapaabot ng mga ideya at natuklasan sa pamamagitan ng pagsulat.

***Talahanayan 6*: *Antas ng Kumpiyansa sa Pananaliksik Batay sa Kasanayan sa Disenyo at Pananaliksik***

| Kasanayan sa Disenyo at Pananaliksik | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Pumipili ng nararapat na paksa para sa aking gagawing pananaliksik | 4.10 | Mataas |
| 2. Gumagamit ng eksperimento gamit ang hindi tradisyunal na mga paraan (tulad ng etnograpiko, cybernetic, penomenolohikal na mga pamamaraan) | 3.70 | Mataas |
| 3. Nangangasiwa sa mga baryabol na nakaaapekto sa katumpakan ng mga resulta ng pananaliksik | 3.75 | Mataas |
| 4. Nagpapakita ng pormulasyon ng mga siyentipikong haypotesis | 3.79 | Mataas |
| 5. Pumipili ng mga matibay at mabisang pamamaraan | 3.88 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.84** | **Mataas** |

***Talahanayan 7: Antas ng Kumpiyansa sa Pananaliksik Batay sa Praktikal na Kasanayan sa Pananaliksik***

| Praktikal na Kasanayan sa Pananaliksik | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Kumakalap ng sapat na bilang ng mga respondente sa pananaliksik | 4.09 | Mataas |
| 2. Nag-iingat ng mga talaan sa pagsasagawa ng pananaliksik | 3.99 | Mataas |
| 3. Naglalaan ng oras para sa ginawang pananaliksik | 3.97 | Mataas |
| 4. Nakikipag-ugnayan sa mga kapwa mananaliksik na kasalukuyang nagsasagawa ng pananaliksik | 3.95 | Mataas |
| 5. Naghahanap ng pondo para sa isinagawang pananaliksik | 3.91 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.98** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 8: Antas ng Kumpiyansa sa Pananaliksik Batay sa Kasanayan sa Kwantitatibo at Kompyuter*

| Kasanayan sa Kwantitatibo at Kompyuter | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Sumusuri kung aling pagsusuri ng estatistika ang gagamitin | 3.96 | Mataas |
| 2. Nagsasaayos ng datos para mailagay ito sa isang kompyuter | 3.92 | Mataas |
| 3. Umiiwas sa paglabag sa mga pangangailangan ng estatistika | 3.91 | Mataas |
| 4. Gumagamit ng simpleng estatistika (halimbawa, *t-test, anova, correlation*, at iba pa) | 3.78 | Mataas |
| 5. Gumagamit ng *software* na may kinalaman sa estatistika (halimbawa, *spss-x, sas*, at iba pa) | 3.68 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.85** | **Mataas** |

*Talahanayan 9: Antas ng Kumpiyansa sa Pananaliksik Batay sa Pagsusulat ng Papel para sa Publikasyon sa Dyornal*

| Pagsusulat ng Papel para sa Publikasyon sa Dyornal | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Sumusulat ng papel para sa isang pagsasalaysay ng komperensya | 3.91 | Mataas |
| 2. Sumusulat ng bahagi ng pamamaraan at resulta para sa papel ng pananaliksik na inilalathala | 3.86 | Mataas |
| 3. Sumusulat ng seksyon ng diskusyon para sa tesis o disertasyon | 3.85 | Mataas |
| 4. Sumusulat ng introduksyon at pagsusuri ng pananaliksik para sa tesis | 3.86 | Mataas |
| 5. Sumusulat ng bahagi ng introduksyon at diskusyon para sa papel ng pananaliksik na inilalathala | 3.91 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.88** | **Mataas** |

*Talahanayan 10: Buod ng Antas ng Kumpiyansa sa Pananaliksik ng mga Respondente*

| Indikeytors | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Kasanayan sa Disenyo ng Pananaliksik | 3.84 | Mataas |
| Praktikal na Kasanayan sa Pananaliksik | 3.98 | Mataas |
| Kasanayan sa Kwantitatibo at Kompyuter | 3.85 | Mataas |
| Pagsusulat ng Papel para sa Publikasyon sa Dyornal | 3.88 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.89** | **Mataas** |

**Antas ng Kumpiyansa sa Pananaliksik ng mga Mag-aaral na kabilang sa Non-Board Program.** Ang nakitang kabuoang resulta sa kanilang kumpiyansa sa pananaliksik ay lubhang nagpapakita ng magandang epekto sa kanilang pag-aaral bilang tugon sa kinakaharap na pananaliksik. Maiuugnay ito sa pag-aaral nina Liu et al. (2019), na nagpapabatid na ito ay naglalarawan sa mga mag-aaral sa kanilang kakayahan sa iba't ibang gawain sa pananaliksik, ito ay mula sa kanilang kumpiyansa sa sarili at may tiwala sa integridad ng pananaliksik sa mga proseso o hakbang ng resulta sa isinagawang pag-aaral. Ang mga mag-aaral ay makalilikom ng mataas na kasanayan patungkol sa gawaing pananaliksik dahil mayroon silang kumpiyansa sa gawain.

Ang kumpiyansa sa pananaliksik ng mga mag-aaral kaugnay sa pagtamo sa kanilang kasanayan sa disenyo ng pananaliksik ay inilalarawan din bilang mataas. Ito ang nangangahulugang ang pamamaraan ay higit na nakatutulong sa pagbuo ng pananaliksik. Ito ay mula sa pag-aaral ni McCombes (2019) na karaniwang naglalahad ng pangunahing isyu, at bilang bahagi ng isang mananaliksik, kinakailangang malaman nito ang inaasahang proyekto sa pamamagitan ng paglarawan sa estratehiyang ginamit. Sa pagiging sanay ay napananagutan nito ang kamalayan at kumpiyansa ng mga mag-aaral na isagawa ang kaniyang tungkulin sa pag-aaral.

Ito rin ay binigyan ng magandang paliwanag nina Bjørkvold at Ryen (2021), ang kasanayan ng mananaliksik sa pakikilahok sa pag-aaral ay nakatutulong upang makamtan ang ninanais na resulta. Ang ganitong aktibidad ay nakikitaan ng pagpapahalaga na hindi lamang nakatuon sa kasalukuyan, maging ang kanilang estado sa hinaharap ay maging ganap dahil sa pagsasanay na ito, kung kaya naman mas nakapagbabahagi sila upang matamo ang praktikal na kasanayan.

Sa karagdagan, ipinapalawak din nito ang kahalagahang makilala at malutas ang mga kaugnay na problema na kanilang kahaharapin. Ito ay mula sa pag-aaral nina Sari et al. (2019). Sinasabing ang kasanayan sa pananaliksik ay makatutulong sa kanilang kritikal na pagsusuri sa isang isyu, lumikha at suriin ang mga ideya, mga datos at matagumpay na magbigay ng konklusyon sa buong pag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 11:** ***Ugnayan sa pagitan ng kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik ng mga mag-aaral na kabilang sa non-board program***

| Variable | Mean | R-Value | P-Value | Decision @=0.05 |
|---|---|---|---|---|
| Kumpiyansa sa Pagsusulat | 3.81 | .788 | <.001 | **$H_o$ Rejected** |
| Kumpiyansa sa Pananaliksik | 3.89 | | | |

**Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kumpiyansa sa Pagsusulat at Kumpiyansa sa Pananaliksik**. Makikita sa resulta na ang ugnayan ng dalawang baryabol mula sa inilahad na kabanata ay nagpapahiwatig na may makabuluhang ugnayan ang kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik ng mga mag-aaral na kabilang sa non-board program ng KCAST. Base na rin sa naging resulta na kung saan ang natamong r-value ay .788 at ang p-value na <0.01. Nakabatay rin ito sa kabuoang mean ng dalawang baryabol na inilarawan bilang "mataas" ang kanilang pinapakitang kumpiyansa ng mga respondente sa pagsusulat at pananaliksik. Ipinakita rin sa naging resulta na mayroong ganap na relasyon ang mga indikeytor na ginamit sa dalawang baryabol, na nagpapahiwatig na may makabuluhang ugnayan ito sa antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral. Samakatuwid, may impluwensya ang kanilang kumpiyansa sa pagsusulat sa kanilang kumpiyansa sa pananaliksik

## KONKLUSYON

Batay sa nakalap na impormasyon mula sa tugon ng mga mag-aaral sa KCAST, ang kumpiyansa sa pagsusulat ay kanilang sinang-ayunan ayon sa kanilang kumpiyansa sa sarili, katatagan, kakayahan at regulasyon sa sarili na nagpamalas sa kanilang kumpiyansa na matugunan ang gawaing may kaugnayan sa pagsusulat. Ito ay nagpapakita na mataas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsusulat.

Sa kabilang dako, ang kumpiyansa sa pananaliksik ng mga respondente ay kanilang sinang-ayunan na tumugon sa kanilang kasanayan sa disenyo at pananaliksik, praktikal na kasanayan sa pananaliksik, kasanayan sa kwantitatibo at kompyuter, at pagsusulat ng papel para sa publikasyon sa dyornal sa kanilang kabuoang pagganap bilang mga modernong mananaliksik. Ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng mataas na kumpiyansa sa pananaliksik.

Sa pagpapakahulugan, ang kumpiyansa sa pagsusulat at kumpiyansa sa pananaliksik ay nagpapakita na may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol sa pagnanais na matamo ang kahusayan at pagganap ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Ito rin ay naglalantad ng sapat na impormasyong naisiwalat na ang malayang baryabol na kumpiyansa sa pagsusulat ay may malaking impluwensya sa di-malayang baryabol na kumpiyansa sa pananaliksik. Samakatuwid, ito ay nagpapakita na ang pag-aaral ay may kaugnayan at positibong resulta na nabibigyang-patunay sa mga naunang pananaliksik at teoryang inilahad ng mananaliksik.

## TALASANGGUNIAN


1. *Alsied, S. M., & Ibrahim, N. W. (2018). Exploring Challenges Encountered by EFL Libyan Learners in Research Teaching and Writing. IAFOR Journal of Language Learning, 3(2). https://doi.org/10.22492/ijll.3.2.06*
2. *Bastida, E. & Saysi, J. (2023). Factors Contributing to Research Writing Apprehension Among Senior High School Students in a Private Educational Institution in the Philippines. American Journal of Educational Research. 11. 421-429. 10.12691/education-11-6-11.*
3. *Bjørkvold, T., & Ryen, E. (2021). Exploring the perceived learning of 'students as researchers' through two theoretical lenses. Journal of Curriculum Studies, 53(6), 784-801. https://doi.org/10.1080/00220272.2021.1881168*
4. *Callinan, C. J., van der Zee, E., & Wilson, G. (2018). Developing essay writing skills: An evaluation of the modelling behaviour method and the influence of student self-efficacy. Journal of further and higher education, 42(5), 608-622. https://doi.org/10.1080/030987 7X.2017.1302564*
5. *De Smedt, F., Landrieu, Y., De Wever, B., and Van Keer, H. (2023). The role of writing motives in the interplay between implicit theories, achievement goals, self-efficacy, and writing performance. Front. Psychol. 14:1149923. Doi: 10.3389/fpsyg.2023.1149923*
6. *Golparvar, S. E., & Khafi, A. (2021) The Role of L2 Writing Self-Efficacy in Integrated Writing Strategy Use and Performance. Assessing Writing, 47, 1-15. https://doi.org/10.1016/j.asw.2020.100504*
7. *Jin Y. Y., Ahn S., Lee S. M. (2022). The mediating effect of bicultural self-efficacy on acculturation and career decision-making self-efficacy for international students in South Korea. Front. Psychol. 13:602117. 10.3389/fpsyg.2022.602117*
8. *Mendoza L., Lehtonen T., Lindblom-Ylänne S., Hyytinen H. (2022). Exploring first-year university students' learning journals: conceptions of second language self-concept and self-efficacy for academic writing. System 106:102759. 10.1016/j.system.2022.102759 [CrossRef] [Google Scholar]*
9. *Robson, C., & McCartan, K. (2020).* Real world research *(5th ed.). Wiley.*
10. *Salkind, N. J. (2020). Understanding statistics in research.* International Journal of Statistical Studies, 12*(4), 45–67.*
11. *Sari, D.P., Wulan, A.R., Solihat, R. (2019). Developing 21st century student research skills through assessment matrix and edmodo in biology project. In Journal of Physics: Conference Series, 1157(2), 022093. 6596/1157/2/022093 https://doi.org/10.1088/1742-*